IJNRD.ORG ISSN : 2456-4184
INTERNATIONAL JOURNAL OF NOVEL RESEARCH AND DEVELOPMENT (IJNRD) | IJNRD.ORG
An International Open Access, Peer-reviewed, Refereed Journal

# Mga Kuwentong Butanding sa Bayan ng Donsol

**[1]Alona Lucenario Bauca, [2]Rhea Dioneda Bruma**

[1]Master of Arts in Education, [2]Doctor of Philosophy
[1]Sorsogon State University, Sorsogon City, Philippines

***Abstract :*** Natiyak sa pag-aaral na ito ang mga kuwentong Butanding sa bayan ng Donsol, Sorsogon. Natukoy rin ang kulturang Donsolanon na masasalamin sa mga kuwentong Butanding at ang kontribusyon nito sa komunidad, turismo at edukasyon. Deskriptib-kuwalitatibo ang disenyo ng pananaliksik. Binubuo ng 30 matatanda na may edad 65 taong gulang pataas, 10 mamamayan, 10 nagtatrabaho sa Turismo, at 10 guro na may kabuoang 60 impormante sa pag-aaral. Gumamit ng talatanungan ang mananaliksik at nagsagawa ng pakikipanayam sa mga impormante upang malikom ang mga datos na kailangan. Ang mga nalikom na datos ay sinuri at binigyan ng interpretasyon gamit ang tematikong analisis. Ginamit rin ang content analysis upang matukoy ang kulturang masasalamin sa mga kuwentong patungkol sa butanding. May mga kuwentong patungkol sa Butanding. Ang mga ito ay ang kuwento ng pinagmulan ng pangalang Butanding sa bayan ng Donsol. Mga kuwentong karanasan ng mga taga-Donsol sa butanding at kuwento ng pagkilala sa Butanding. Masasalamin sa mga kuwento ang kulturang Donsolanon na makikita mula sa mga pamumuhay, paniniwala at kaugalian. Ang kontribusyon ng nabuong kuwento ng butanding sa komunidad ay nakatutulong sa pagpreserba ng mga kuwentong butanding na isa sa pagkakakilanlan ng bayan ng Donsol, sa turismo ay nagsilbing tulong upang makilala ang bayan ng Donsol, at sa edukasyon ay nakatulong upang matugunan ang mga kakulangan ng mga paaralan. Inirerekomenda na maging batayan ang mga kuwentong Butanding sa pagpapakilala ng bayan ng Donsol. Maging batayan ang mga kulturang masasalamin sa mga kuwentong butanding sa pagpapalaganap ng kulturang Donsolanon. Maaaring ipagpatuloy ang paglalathala at pagpapalaganap ng mga kuwentong nagpapakita ng kulturang Donsolanon. Pagtibayin pa ng lubos ang kontribusyon ng kuwentong butanding sa komunidad, turismo at edukasyon. Magkaroon po ng mas malawak na kontribuyon ang kuwentong butanding sa iba pang aspeto sa bayan ng Donsol. Maaaring magsagawa pa ng iba pang pananaliksik na may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral upang maging sandigan at gabay ng mga susunod na mananaliksik.

***IndexTerms* – Literatura, kuwento, Butanding, Kulturang Donsolanon, kontribusyon**

## I. INTRODUCTION

### INTRODUCTION

Ang pagbabalik-tanaw sa nakaraan ay isang paraan upang maunawaan ang kasalukuyan. Ang pagtuklas sa mga paniniwala at salaysayin ukol sa mga pinagmulan ng mga bagay-bagay ay susi upang maipaliwanag ang mga pangyayari sa buhay dito sa mundo. Ang mga salaysaying ito na mula sa kwento ng nakaraan ay maituturing na isang panitikan.

Mahalagang makilala ng buong mundo ang panitikan na magsisilbing daan upang magkaunawaan ang bawat isa, saang dako man ng mundo. Sa pagtuklas sa mga kuwento ng isang bagay ay masasalamin ang kulturang nakakubli rito.

Ayon kay Moscardo (2018)1 ang mga kuwento ay likas na naglalaman ng mga elemento tulad ng tauhan, pangyayari, at kahihinatnan. Isa itong espesyal na anyo ng naratibo na nilikha upang magbigay aliw, mang-akit ng damdamin, at magdulot ng pagbabago sa madla. Ito'y hindi lamang nagbibigay-diin sa serye ng sanhi at epekto, kundi naglalaman din ng masusing paglalarawan ng mga tauhan at kung paano sila nakakatugon sa mga pangyayari. Ang mga kuwento ay may kakayahan na baguhin ang pananaw ng mga mambabasa at magbigay inspirasyon sa kanilang puso't isipan.

Ang mga tao sa lipunan ay hindi lamang tumatanggap ng mensahe ng kuwento, kundi sila rin ay nag-aanalisa at nagbabahagi ng mga kuwento sa iba upang maaaring magbago ng kanilang mga paniniwala o asal. Ito ay makapagbibigay ng potensyal na pagpapabuti sa paggamit ng kuwento para sa pagbuo ng mas epektibong naratibo na naglalarawan ng masusing pagsasalaysay ng lugar at kultura (Bacchus at KEO, 2023)2.

Ayon kay Si (2016)3 sa malawakang panitikan ukol sa naratibo, ipinapahayag na ang mga kuwento ay hindi lamang para sa aliw, kundi pati na rin para sa pagbabahagi ng impormasyon at impluwensya sa iba. Ginagamit ang naratibo upang ayusin ang karanasan at kaalaman.

Ang panitikan at kasaysayan ng isang lipunan ay kapuwa tagapag-ulat ng daloy ng buhay (Semorlan, et al., 2014)4. Ito ay mababakas sa mga babasahin na sumasalamin sa paraan ng pamumuhay, tradisyon, paniniwala maging ang pakikipag-ugnayan sa kapwa. Ang panitikan ang nagsisilbing tagapagtala ng kasaysayan at saloobin ng mga taong naninirahan sa isang lugar.

Sa Pilipinas ay maraming panitikang nakakubli pa sa nakaraan, hindi pa natutuklasan at hindi pa nailalathala ayon kay Nibalvos (2019)5. Dahilan ito upang mawalan ng saysay ang halaga ng kultura sa isang lugar. Unti-unti nang nakalilimutan at nawawalan ng pagpapahalaga ang mga Pilipino sa kanilang sariling kultura. Kung kaya't kailangang alamin ang tungkol sa isang bagay upang mas makilala at maipreserba pa ito nang sa gayun ay maisalin pa sa mga susunod na henerasyon.

Ang Republic Act no. 1006 o mas kilala rin bilang National Heritage Act of 20096 ay naglalayong protektahan at mapanatili ang pambansang kultura, kasaysayan ng bansa, at katutubo ng mga lokal na komunidad, at palakasin ang National Commission for Culture and the Arts (NCCA). Isang paraan upang ito ay matugunan ay ang pag-aaral at pagsulat ng mga akdang pampanitikan na tumatalakay sa kultura at kasaysayan ng isang lugar.

Dagdag pa rito ang Republic Act No. 71607 na nagbibigay kapangyarihan sa mga lokal na pamahalaan na pangasiwaan ang kanilang sariling likas-yaman at kasaysayan. Ang mga local government units (LGUs) ay inaasahan na maging aktibong tagapagtaguyod ng kanilang kultura at kasaysayan.

Naisakatuparan ito nang makilala ang bayan ng Donsol sa lalawigan ng Sorsogon bilang Whale Shark Capital of the World (Philippine Coastal Community Cited as Best Place to Observe Whale Sharks, 2005)8. Ang whale shark o butanding ay kinilalang pinakamalaking uri ng isda sa karagatan. Madalas itong makita sa bayan ng Donsol. Sinasabing ito ay lampas na sa isang daang taon na naninirahan sa nabanggit na bayan ayon sa (Randy: The Butanding Whisperer of Donsol, 2011)9 kaya naman marami nang kuwento ang mga mamamayan ng Donsol tungkol dito bago pa man ito makilala sa buong mundo.

Ayon naman sa worldwildlife.org (2024)10, ang butanding ay makikita sa mga tropical na karagatan sa bong mundo kabilang ang Indian, Atlantic at Pacific Ocean. Sa karagatan malapit sa baybayin ng Donsol nakakikita ng maraming butanding sa panahong marami ang plankton dito na siyang kinakain ng mga butanding. Dagdag pa nila, ang butanding ay nabibilang na ngayon sa mga nanganganib nang mawala at kabilang ang turismo sa mga nagdudulot sa kanila ng panganib.

Ang turismo ay itinuturing na isang pangunahing kontribyutor sa bayan. Ang industriya ng turismo sa Donsol ay malaki ang naging pagbabago. Bilang resulta ng pagtaas ng kita mula sa turismo, ang bayan ng Donsol ay nagbago mula sa pagiging isang mahinahong bayan ng pangingisda at agrikultura patungo sa pagiging isang ikatlong munisipalidad. Bukod dito, dahil sa paraan ng pagpapalakad sa sistema ng turismo sa Donsol, ang mga mamamayan ng Donsol ay naranasan ang positibong epekto sa kanilang hapag-kainan at sa kanilang mga kita araw-araw (Gabito, 2013)11.

Ang Bayan ng Donsol ay nasa ikatlong klaseng bayan sa lalawigan ng Sorsogon, Pilipinas. Ayon sa talaan ng 2020, may populasyon itong 50,281 katao (Census of Population, 2020)12. Noong taong 1998, nang malaman ng mga turista ang tungkol sa butanding, nagbago ang Donsol mula sa isang tahimik na pook pangisdaan patungo sa isa sa mga pinakakilalang industriya ng turismo sa buong mundo. Ang turismo ng mga butanding ay nagdulot ng malaking pagbabago sa ekonomiya, kultura, at reputasyon ng Donsol sa Sorsogon (Araújo et al., 2016)13.

Dahil dito, ipinagdiriwang ng bayan ng Donsol ang Butanding Festival tuwing Mayo 17-24 na hudyat ng pagsisimula ng Butanding season at pasasalamat ng mga mamamayan sa mga biyayang kanilang natanggap (Tourism Promotions Board Philippines, 2024)14. Nagkakaroon ng fluvial parade sa ilog ng Donsol kung saan ipinaparada ang mga bangkang may malalaking imahe ng butanding at parada sa kalsada na mayroon ring naglalakihang imahe ng butanding kasabay ng street dance.

Ang mga kuwentong kaugnay sa Butanding ay mahalagang maidokumento upang maimpok at maipreserba ang kultura at kasaysayang kaugnay dito. Ayon sa Republic Act 947015 ang Estado ay magbibigay ng pinakamataas na prayoridad para sa pagbibigay proteksyon, pangangalaga, at pagpapanatili ng mga pampublikong dokumento at talaan nito, hindi lamang bilang pangunahing kasangkapan para sa mabisang pamamahala kundi pati na rin bilang mahahalagang kagamitan para sa pagpapanatili ng kasaysayan at kulturang alaala ng bansa.

Ang akademikong pag-aaral na ito ay ang nakatuon sa pag-alam sa mga kwento patungkol sa Butanding na magagamit hindi lamang sa preserbasyon bagkus pagkilala, pagtangkilik at pagpapalaganap ng sariling yaman ng panitikan ng bayan ng Donsol, Sorsogon.

## NEED OF THE STUDY.

Natiyak sa pag-aaral na ito ang 1) mga kuwentong Butanding sa Bayan ng Donsol, Sorsogon 2) kulturang Donsolanon ang masasalamin sa mga kuwento 3) kontribusyon ng nabuong mga kuwento ng Butanding sa komunidad, turismo, at edukasyon.

## RESEARCH METHODOLOGY

Deskriptib-kuwalitatibo na disenyo ang ginamit sa pag-aaral na ito. Purposive sampling ang ginamit ng mananaliksik sa pagpili ng mga respondente sa 5 barangay. Nagsagawa ng pakikipagpanayam ang mananaliksik sa 30 matatandang naninirahan sa lugar na may edad 65 taong gulang pataas. Nagsagawa rin ng pakikipagpanayam sa 10 mamamayan, 10 nagtatrabaho sa Turismo at 10 guro na nagmula sa 5 barangay ng Bayan ng Donsol, Sorsogon. Nagsagawa ng pakikipanayam upang matukoy ang kailangang datos. Ang nalikom na mga datos ay sinuri at binigyang interpretasyon.

## IV. RESULTS AND DISCUSSION

### 1. Mga Kuwentong Patungkol sa Butanding sa Bayan ng Donsol

Ang butanding sa bayan ng Donsol, Sorsogon ay mapagpupulutan ng mga kuwento. Ang mga kuwentong ito ay nabuo mula sa mga tao na siyang naninirahan sa bayan ng Donsol. Mula sa pangangalap ng mga datos at impormasyon sa pamamagitan ng pakikipanayam sa mga residente ay natuklasan ang iba't ibang kuwento. Natuklasan ang kuwentong tungkol sa pinagmulan ng pangalan ng butanding, kuwento ng karanasan at kuwento sa pagkakakilala ng butanding sa bayan ng Donsol, Sorsogon.

***Kuwento sa Pinagmulan ng Pangalang Butanding***

Ang mananaliksik ay nagsagawa ng pagkakalap ng mga impormasyon at datos mula sa iba't ibang sakop ng pag-aaral. Sa isinagawang pakikipanapayam sa mga residente sa Barangay Dancalan at Pangpang ay natuklasan ang kuwentong pinagmulan ng pangalan ng Butanding. Sa mga nakapayam na 12 matatandang residente ay 6 ang nagsabi mula sa Dancalan, 2 mula sa Pangpang, 3 mula sa Gimagaan, at 1 mula sa Tinanogan na mga impormante ang nagbigay na magkakahalintulad na kuwento patungkol sa pinugmalan ng pangalang Butanding sa bayan ng Donsol.

> *Ayon sa mga napakapanayam na mga residente ang Pangalang Butanding ay nag-uugat sa isang mag-asawang matagal nang naghangad ng isang anak. Sa wakas, sila ay pinagpala ng isang anak na pinangalanan nilang Anding. Ngunit habang lumalaki si Anding, napansin ng kanyang ina ang kakaibang katangian nito: maliit ang kanyang mga mata. Sa kabila ng kanilang pagmamahal, ang pagkain ay naging isang problema dahil sa sobrang lakas kumain ni Anding, na nagresulta ng pagkaubos ng kanilang suplay. Ang kanyang ama ay nahimatay sa labis na gutom, na nagdulot ng pangungulila kay Anding. Upang hindi na maging pabigat sa kanyang mga magulang, nagpasya si Anding na umalis. Ang kanyang pagkawala ay nagdulot ng sobrang kalungkutan sa kanyang mga magulang.*
>
> *Isang gabi, habang nagpapalaot ang mga mangingisda, nakakita sila ng kakaibang isda malapit sa kanilang bangka. Hindi sila sinaktan ngunit napansin ang kakaibang katangian nito: malaki at may maliliit na mga mata. Dahil dito, pinangalanan nila itong Butanding na may kahulugang buta o hindi makakita, dahil sa maliliit na mga mata nito. Dahil sa katangian nitong malaki at may maliiit na mata, pinaniniwalaan ng mga tao na ito ay si Anding, ang batang nawala.*

Makikita sa isinalaysay ng mga impormante na ang pangalang butanding ay nagmula sa batang ang pangalan ay Anding. Ito ay tinawag na Butanding dahil sa pagkakapareho ng katangian ng dalawa. Ang kuwento ay naging tanyag sa bayan ng Donsol kaya't ito ang sinasabing pinagmulan ng pangalan ng kilalang butanding sa kanilang bayan.

Implikasyon ng resulta na pag-uugnay ng mga tao sa kanilang kapaligiran at kultura, pati na rin ang kahalagahan ng mga kuwento sa pagbuo ng kanilang identidad at pag-unawa sa ginagalawang paligid. Nagkakaroon ng malaking ambag ang mga kuwento tulad ng kuwentong-bayan sa pagbibigay ng pangalan lalo na kung ito ay may malaking ambag sa isang lugar.

Ayon kay Bronner (2007)[16] ay sinabi na ang mga alamat ay nagpapakita ng larawan ng isipan ng mga tao. Ang mga ito ay makatutulong upang maunawaan at maipaliwanag ang mga karanasan. Ang alamat ay isang uri ng panitikan na ipinapahayag sa pamamagitan ng salita at naglalaman ng mga kwento tungkol sa pinagmulan ng isang lugar, halaman, hayop, at iba pa. Dito rin ipinapakita ang kultura at paniniwala ng mga tao tungkol sa mga partikular na bagay o lugar. Sa pamamagitan ng mga alamat, isinasalaysay kung paano nagsimula ang mga bagay sa kapaligiran. Bagamat maaaring maglaman ito ng mga hindi pangkaraniwang pangyayari, ito ay sumasalamin sa kultura, paniniwala, at tradisyon ng isang lugar. Ayon naman kina Acopra, Armendares et.al (2020)[15] ang kuwentong nauukol sa pinagmulan ng isang bagay at hubad sa katutuhanan dahil ito ay likhang isip lamang na tinatawag na alamat.

***Kuwento ng Karanasan***

Natuklasan rin sa pakikipagpanayam sa 10 impormante na residente ng Barangay Dancalan, Pangpang, Gimagaan at Vinisitahan ang kuwento ng karanasan ng mga mamamayan sa Butanding. Batay sa isinagawang pakikipanayam natuklasan na ang mga Butanding ay matagal nang naninirahan sa karagatan ng Donsol. Ang mga pahayag sa ibaba ang siyang naging kuwentong karanasan sa butanding:

> *Ayon sa mga nakapanayam, ang butanding ay itinuturing nilang peste, halimaw at kalaban dahil nagiging kaagaw nila sa paghuli ng mga isda at nakakatakot ang anyo at laki nito. Maliban dito ay sinisira rin nito ang mga gamit nila sa pangingisda. May mga kuwento ang mga tao sa bawat barangay batay sa kanilang mga karanasan sa butanding. Sa barangay Dancalan, may mag-asawa na sina Ruben at Elsa. Sila ay mangingisda na may baklad sa dagat. Isang araw, nakita nila ang isang malaking isda na pumasok sa kanilang baklad, na tinawag nilang "sakon." Ito ay nagdulot ng pangamba sa kanilang hanapbuhay. Ngunit nang makita ito ng mga bisita, naging interesado sila sa butanding. Dahil dito, nagsimula ang plano ng pamahalaan ng Donsol na gawing turistang atraksyon ang mga butanding sa kanilang lugar. Ipinatupad nila ang mga pagsasanay sa mga residente upang magbigay ng maayos na serbisyo sa mga turista at mapaayos ang mga kalsada para sa kanilang pagdating.*

Makikita na may iba't ibang karanasan ang mga taga-Donsol sa Butanding. Ang karanasang ito ay nagkaroon ng negatibong pananaw na kalaunan ay napalitan ng positibong pananaw dahil sa maganda at maayos na epekto sa kanilang pamumuhay ng Butanding. Mula sa karanasang ito ay nabuo ang mga kuwento na siyang nagpabago sa pagtingin sa mga butanding a bayan ng Donsol.

Ito ay nagpapakita lamang na ang mga karanasan ay maaring mabuo at maging kuwento. Ang mga kuwentong ito naibabahagi at nakakakitaan ng kasaysayan na siyang bumubuo sa kasalukuyan nitong pagkakakilanlan.

Ayon kay McCullagh (1987)[17] ang mga salaysay sa kasaysayan ay sumasaklaw sa mas maraming pangyayari kaysa sa karaniwang nararanasan ng mga tao bilang mga buong pangyayari sa araw-araw na buhay. Ang mga salaysay ay lumilikha ng isang

kuwento na nagbibigay ng mas maraming aksyon, damdamin, at karanasan kaysa sa nararamdaman ng isang indibidwal. Dagdag pa ni JoslynChase (2020)[18] ang bawat karanasan ay nagiging bahagi ng isang kuwento. Ito ang daan natin upang maipaliwanag ang ating mga buhay, ipakilala ang ating mga sarili, at maunawaan ang ating mga layunin.

***Kuwento ng Pagkakakilala sa Butanding***

Ayon sa mga nakapanayam, kahit matagal nang nakikita sa dagat ng Donsol ang mga butanding, hindi pa ito kilala ng mga taga ibang bayan. Inilahad ng ilang impormante ang kuwento kung paano nakilala ang butanding sa bayan ng Donsol. Sa mga nakapanayam na 8 impormante ang nagbigay ng mga impormasyon kung paano at kailan nakilala ang Butanding sa Donsol.

> *Nakilala ang Butanding sa bayan ng Donsol dahil sa mga larawang kuha ni Corina Escudero. Ipinakikita nito ang kuwento ng pagkakakilala sa Butanding na naging pagkakakilanlan ng bayan ng Donsol. Taong 1960, may nakapasok na sakon sa isang baklad ng mangingisda na may sukat 18 metro. Ang may-ari ng baklad ay nasugatan sa pagnanais na palabasin ang sakon mula sa baklad. Sa labis na galit niya ay tinapyasan ang itaas na bahagi ng palikpik nito. Kaya tinawag nila itong putol. Ang mga baklad ng ilang mangingisda ay napapasok nito dahilan upang masira. Sakon ang tawag ng mga matatanda sa napakalaking isdang ito. Subalit ayon sa kanila, mababait ang mga iyon at kumakain lamang ng maliliit na isda at mga plankton kaya nakakapasok sa baklad. Lumipas ang mga araw at ang mga sakon ay namalagi sa kanilang karagatan. Kahit sa pangpang ay nakikita nila ang mga likod nito na malayang lumalangoy. Taong 1998, sa ilalim ng pamumuno ni Noel Castro, isang dating kapitan ng barangay ay nag imbita ng grupo ng maninisid na pinamumunoan ni David Duran na nais lumangoy kasama ang mga sakon. Subalit humantong sa pagsagip sa nakulong na sakon sa isang baklad ng mangingisda. Ang isa sanang interaksyon sa mga ito ay nauwi sa pagsagip sa mga ito upang hindi tuluyang masira ang baklad. Ayon sa pangkat ni Duran, ang mga sakon na iyon ay mas kilala sa pangalang butanding. Naging matagumpay ang pagsagip nila sa butanding. Nailabas nila ito sa baklad ng ligtas. Napakasaya nila dahil hindi gaanong nasira ang baklad. Ang pangyayaring iyon ay nailuta sa WWF na kasalukuyang nasa bahaging Bisaya na naging dahilan upang magkaroon ng pag-aaral sa mga Butanding. Maraming turista na ang pumupunta sa kanilang bayan upang makita ang mga butanding. Nagbukas ito ng panibagong hanapbuhay sa mga mamamayan. Sa mga pangyayaring iyon, nagpalabas ng Municipal Ordinance bilang 12 ang Donsol na magpoprotekta sa mga butanding. Ang kauna-unahang sanktwaryo ng mga butanding sa Pilipinas. Nabuo ang kuwentong patungkol sa kasaysayan ng butanding. Sinasabi sa kuwento kailan nakilala ang Butanding sa bayan ng Donsol.*

Ayon kay Fine et.al (2007)[19] kasabay ng pagbibigay-pansin ng media sa mga whale shark sa Donsol, dumami ang bilang ng mga turista at pagsimula ng pagbabago ng kasaysayan ng bayan ng Donsol. Ayon kay Arquinez (2020)[20] ang Donsol ay nasa listahan ng mga kahanga-hangang *water adventure activities* dahil sa kilalang interaksyon sa mga "Butanding" o whale sharks at ang kanilang eco adventure. Bukod dito, Donsol pa rin ang pinakamalaki at pinakamatagal na pinag-aralan na pagtitipon ng whale shark sa Pilipinas. Ayon kay Pangkalinawan et.al (2006)[21], ang panitikan ay buhay dahil ito ay repleksyon ng pamumuhay at pakikipamuhay ng mga tao sa kanyang ginagalawang lipunan. Hindi ito isang bagay lamang kundi ito ay isang buhay na kabahagi ng pamumuhay.

**2. Kulturang Donsolanon na masasalamin sa mga kuwento**

Malaki ang papel na ginagampanan ng kuwentong patungkol sa Butanding sa bayan ng Donsol. Makikita ang kanilang pamumuhay, paniniwala at kaugalian na lubos na nagbibigay-buhay sa kuwento. Dito masasalamin ang pamumuhay, paniniwala at kaugalian ng isang lugar na hanggang sa kasalukuyan ay nananatili pa ring buhay.

***Pamumuhay***

Ang bayan ng Donsol ay may makulay na kuwento at mayaman na kultura na hanggang sa kasalukuyan ay nananatiling buhay at pinapahalagahan. Ang mga ito ay nagpapakita ng uri ng pamumuhay mayroon ang mga mamamayan sa bayan ng Donsol. Pangingisda ang pangunahing hanapbuhay ng mga Donsolanon bago pa man nagkaroon ng turismong Butanding sa kanilang bayan.

Sa Kuwentong Alamat ng Butanding, Ang Higante sa Karagatan at Kasaysayan ng Butanding ay ipipakita na ang pangunahing hanapbuhay ng mamamayan sa ay pangingisda na hanggang sa ngayon ay nananatili pa rin. Masasalamin sa mga kuwento ang pangunahing pinagkukunan ng kabuhayan ng mga tao sa bayan ng Donsol tulad ng pangingisda. Nagpapakita ito kung paano nag-umpisa ang pagkakaroon ng masaganang pamumuhay ng mga tao sa bayan at pagbubukas ng iba't ibang pagkakataon sa kanila. Lalo pa ang pagdasa ng mga tao mula lokal hanggang dayuhan upang masilayan ang mga butanding rito. Nagkaroon ng iba't ibang trabaho, gaya ng BIO o Butanding Interaction Officer, Boat Captain, Spotter at mga tour guide.

Sa pagkakakilala sa Butanding, nadagdagan pa ang hanapbuhay ng mga tao dito. Nagbukas ang atraksyon sa Butanding ng iba't ibang pagkakataon upang pagandahin at paunlarin ang pamumuhay ng mga tao. Ang pamumuhay ay isang relasyon ng magkakasamang pag-uugali at mga gawain ng isang tiyak na indibidwal. Ang pangangailangan at kahalagahan ng pag-aaral sa konsepto ng pamumuhay ay nagmumula sa punto na ang pagsusuri sa pamumuhay ng mga tao sa isang lipunan ay nagbibigay daan sa kinakailangang pang-unawa sa bahagi ng kultura ng nasabing Lipunan (Giddenz, 2020)[22]. Ayon kina Rizi at Sabeghi (2015)[23]. ang pamumuhay ay isang resulta ng mga halaga, pamamaraan, damdamin, at asal ng isang indibidwal na nagtatakda ng mga modelo ng pag-uugali at normal na kilos, na kinikilala ang mga epekto ng mga pangunahing salik dito. Sa aspeto ng lipunan, ito ay bumubuo ng kultura ng isang lipunan.

***Paniniwala at kaugalian***

Makikita rin ang kanilang tradisyon o paniniwala at kaugalian na lubos na nagbibigay buhay sa kuwento. Sa Alamat ng Butanding ay masasamalin ang pagmamahal ng magulang sa anak at pagmamahal ng anak sa magulang na ihandang magsakripisyo para sa mga mahal sa buhay. Hanggang sa ngayon ay nananatili pa ring buhay ito, na handang gawin ang lahat ng sakripisyo ng magulang para sa ikabubuti ng anak at sa pagmamahal naman ng anak ay gagawin ang lahat upang masuklian ang pagmamahal na ibinibigay ng kanilang mga magulang. Makikita rin dito ang paniniwala nila sa hilot o kumadrona dahil ayon sa kwento ng Alamat ay isang kumadrona ang nagpaanak kay Aleng Pasing. Sa ngayon may ilan pa ring mga hilot o kumadrona na umaaalalay sa mga nanganganak.

Sa mga panahong nangangailangan ng tulong ang kanilang kapitbahay ay handa silang bigyan ito ng makakakain, na hanggang sa ngayon ay nananatili pa rin ang pagbibigayan ng mga magkakapitbahay sa tuwing mayroon silang sobrang ulam o kaya naman tuwing mayroong okasyon sa kanila. Nanatili pa rin ang pagiging mapagbigay ng mga Donsolanon sa kanilang kapwa.

Nagpapakita rin ito ng pagkakaisa ng mga mamamayan, sapagkat nang nawawala si Anding, ay hindi nagdalawang isip ang mga kapitbahay nila upang tulungan ang mga magulang ni Anding na hanapin ito. Mula naman sa kuwentong Ang Higante sa karagatan at kasaysayan ng butanding, masasalamin rito ang pagkakaisa ng mga mamamayan, tinulungan nila ang kanilang mga kasamahan nang mayroong sakon o butanding nakapasok sa baklad ng isa sa kanilang mga kasamahan. Makikita rin sa kasaysayan ng butanding ang pagkakaisa, naipapakita rito ang pagtutulungan ng bawat mamamayan upang higit na mapabuti at mapangalagaan ang pagkakaroon ng butanding sa kanilang lugar sa pamamagitan ng mga pagsasanay at mga proyektong ipinatupad.

Masasalamin rin ang pagiging masipag at masikap ng mga Donsolanon upang magkaroon ng magandang buhay ang kanilang mga pamilya dahil karamihan sa kanila ay nagkaroon ng trabaho sa turismo ng nasabing bayan. Ang kanilang mga tahanan na gawa mula sa mga lokal na materyales noon ay halos lahat gawa na sa semento ngayon, isa itong patunay na ang bayan ng Donsol ay yumakap na sa modernisasyon.

Ang kultura ay maaaring gamitin bilang batayan para sa pagbuo ng matatag na mga identidad, sapagkat pareho silang umaasa sa isang damdaming komunidad na maaaring magtaglay ng iba't ibang nagkakasabay at nag-ooverlap na mga elemento (Tomlinson, 2003)[24].Inihayag ni Mody et. al (2014)[25] sa kanilang pag-aaral na ang kultura ay isa sa mga motibasyon ng mga turista pagdating sa paglalakbay. Nais ng mga ito na makilala at matuto mula sa mga lokal na tao at nais nilang maranasan ang bagong kultura at pamumuhay.

**Kontribusyon ng Nabuong Kuwento sa Komunidad, Turismo, at Edukasyon**

Mula sa isinagawang pag-aaral ng mananaliksik, makikita ang kontribusyon o ambag ng nabuong kuwento sa komunidad, turismo at edukasyon.

**a. Kontribusyon ng kuwentong Butanding sa Komunidad**

Ayon 6 na impormante, ang mga nabuong kuwento ay makatutulong sa pagpreserba ng mga kuwentong butanding na isa sa pagkakakilanlan ng bayan ng Donsol. Ito ay isang paraan ng pagsasadokumento ng mga impormasyon at kuwento upang malaman ng mga susunod pang henerasyon.

> *"Marayun yadi ta makatabang yadi tabing ma preserba ang istorya san butanding na usad sa mga pigamalaki san mga taga Donsol"*
>
> *(Maganda ito dahil isa itong paraan para maipreserba ang mga kuwentong butanding na isa sa mga ipinagmamalaki ng mga Donsolanon)*
>
> *-Mamamayan, Kalahok 8*

Malaking tulong ang kuwentong nabuo patungkol sa butanding dahil makakatulong ito upang mapreserba ang mga kuwento, manatiling buhay sapagkat isa ito sa mga ipinagmamalaki ng mga Donsolanon.

Implikasyon ng resulta na ang pagbuo at pagpapahayag ng mga kwento tungkol sa butanding ay naglalaman ng mga positibong epekto sa pangmatagalang pangangalaga at pagpapahalaga sa kultura at kasaysayan ng bayan ng Donsol. Ito rin ay pagpapahalaga at pangangalaga ng kultura at kasaysayan ng bayan ng Donsol, partikular sa konteksto ng mga kuwentong butanding.

Ayon kay Si (2016)[26] sa malawakang panitikan ukol sa naratibo, ipinapahayag ang mga kwento hindi lamang para sa aliw, kundi pati na rin para sa pagbabahagi ng impormasyon at impluwensya sa iba. Ang pagsasalaysay ng kwento ay maaaring makatulong sa ating mga pagsisikap na baguhin ang paraan ng pagpapabuti sa ating komunidad o organisasyon. Ang mismong kwento ay nagbibigay daan para suriin kung paano makikipagtulungan ang mga tao sa makabuluhang at pangmatagalan pagbabago (Prasetyo, 2017)[27].

Ayon din kay Axelrod (2001)[28] ang pagsasanib-puwersa ng mga pinuno ng komunidad upang mag-ugma ng mga tao at magtaglay ng koneksyon sa isa't isa ay mahalaga sa pagbuo ng isang masigla at makabuluhang komunidad. Ito ay maaaring isagawa sa pamamagitan ng iba't ibang hakbang tulad ng paglikha ng kahanga-hangang layunin, pagsusuri at pagpapahalaga sa nakaraan at kasalukuyan, pagtatayo ng mga koneksyon at relasyon, pakikinig sa kanilang mga tinig, at pagpapakita ng kabuuang sistema sa loob ng komunidad.

**b. Kontribusyon ng kuwentong Butanding sa Turismo**

Ang mga kuwentong Butanding ay may malaking kontribusyon sa turismo sa bayan ng donsol lalo pa sa kumunidad na ginagawalan nito. Mula sa mga pahayag ng 8 mga impormante:

> *"Makakatulong ito upang maipreserba ang mga kuwento na makakaengganyo pa lalo sa mga dayuhan"*

Malaking tulong ito upang maipreserba ang yaman ng bayan ng Donsol, ang Butanding. Higit na makakatulong ito sa pagkakakilanlan ng lugar dahil sa tanyag na butanding na makikita sa bayan ng Donsol. Mula sa mga pahayag ng 2 impormante:

> *"Magkakaroon kami ng mga kuwentong maaari naming ibahagi sa mga turistang dumarayo dito sa ating lugar upang mas lalo nilang tangkilikin ang Butanding dito sa ating bayan"*

Sinasabing ang mga kuwentong nabuo ay malaking tulong sa mga nagtatrabaho sa turismo sapagkat magkakaroon sila ng kuwentong lokal na maaaring ibahagi sa mga turista upang higit pang mahikayat ang mga turista na dayuhin ang bayan ng Donsol at tangkilikin ang pinagmamalaking butanding. Makakatulong ito upang manatali at magkaroon pa ng mga turista o banyagang darayo sa bayan ng Donsol.

Ayon kay Li (2019)[29] sa lumalagong industriya ng turismo sa kasalukuyan, mahalaga para sa mga tagapag-develop ng turismo na lubos na maunawaan ang papel ng mga literarong yaman sa pag-unlad ng turismo, maging mahusay sa pagtambal ng mga literarong yaman sa pagpapaunlad ng turismo, at itaguyod ang pag-unlad ng ekonomiya sa pamamagitan ng mga literarong yaman. Ayon sa pag-aaral ni Cao (2019)[30] nagpapatunay at sumusuporta sa mga umiiral na literatura sa mga positibong epekto ng pagkukuwento at nagmumungkahi na ang pagkukuwento ay maaaring magpayaman at mapahusay ang karanasan ng turista sa pamamagitan ng paglikha ng isang natatanging pagkakakilanlan ng lugar at palakasin ang pagkakadikit sa lugar.

**c. Kontribusyon ng kuwentong Butanding sa Edukasyon**

Ang kuwentong Butanding ay hindi lamang sa usaping turismo at hanapbuhay nakatulong sa mga taga-Donsol pati na rin sa larangan ng edukasyon. May Malaki din itong maiaambag sa pag-unlad ng edukasyon sa lugar.

*"Dahil sa butanding, ang mga dayuhan na pumupunta sa aming lugar lalo na sa paaralan, kapag nakikikita ang kakulangan ng mga mag-aaral ay nagbibigay ng donasyon."*

– *Guro, Impormante 1*

Malaki ang naitutulong ang pagkakaroon ng butanding sa bayan ng Donsol, sapagkat daging daan ito upang maraming dayuhan o turista ang pumupunta sa lugar na naging daan upang mas mabigyang pansin ang kakulangan ng mga paaralan. May mga nagbibigay karagdagang tulong o donasyon sa mga paaralan na makakatulong sa pag-aaral ng mga bata.

*"Malaking tulong ito sa mga mag-aaral upang malaman nila ang mga pamanang panitikan ng mga sinaunang henerasyon at sa pamamagitan ng mga babasahing ito ay makakatulong ito upang mapaunlad ang antas ng kanilang pagbasa"*

– *Guro, Impormante 5*

Hindi lamang sa pagkakaroon ng karagdagang kagamitan ang maaaring maidulot nito. Higit na makakatulong ito upang mamulat ang mga mag-aaral at ang mga susunod pang henerasyon sa pamanang panitikan ng mga ninuno. Makakatulong rin ito upang higit na mapaunlad ang antas ng pagbasa ng mga mag-aaral sapagkat magiging kawili-wili ito para sa mga mag-aaral na basahin upang matuklasan ang kuwentong patungkol sa mga butanding.

*"Magagamit ito upang maging sanggunian sa pagtuturo ng mga Alamat, Kuwentong Bayan at Kasaysayan sa Asignaturang Filipino at Araling Panlipunan"*

– *Guro, Impormante 9*

Maliban sa pagpapataas ng antas ng pagbasa ng mga mag-aaral, ito ay magsisilbi ring sanggunian ng mga guro sa pagtuturo ng alamat, kuwentong bayan, at kasaysayan lalong lalo na sa asignaturang Filipino at ang kasaysayan ng butanding ay magagamit rin sa Araling Panlipunan. Magiging karagdadang kagamitan ito ng mga guro na makakatulong upang higit na tangkilikin ng mga mag-aaral ang sariling panitikan ng bayan ng Donsol.

Sa sektor ng Edukasyon, malaki ang maitutulong ng mga kuwentong patungkol sa Butanding dahil magsisilbi itong tulong upang matugunan ang kakulangang pangangailangan ng mga paaralan lalo na ang mga natulungan ng mga pribadong sektor o mga NGO's. Dagdag pa rito nagamit bilang mga kagamitang pangturo at lokal na sanggunian. Malaki ang tyansa na tumaas ang kawilihan ng mga mag-aaral na magbasa ng mga akdang pampanitikan. Maarami ring magsilbing gabay ang akdang komiks na nabuo upang makabuo ang mga mag-aaral ng Alamat, Kuwentong bayan o kasaysayan. Sa paaralan magsisimula ang paglaganap ng kuwentong ito. Upang higit na maunawaan ang mga kuwento maaari ring isagawa ang kontekstwalisadong akda, pagsasalokal at kontekstwalisasyon.

Ayon kina Galon at Marbella (2022)[31] ang wikang Filipino ay may mahalagang papel sa pagtataguyod ng turismo sa isang lugar o bayan. Ang mga benepisyong naidudulot ng turismo sa edukasyon, komunidad, turista at lokal na pamahalaan.

## KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Batay sa natuklasan, nabuo ang sumusunod na mga kongklusyon: Mayroong iba't ibang kuwento patungkol sa Butanding sa bayan ng Donsol. Iba-iba ang kulturang Donsolanon na masasalamin mula sa mga kuwento. Mayroong kontribusyon ang mga nabuong kwentong Butanding sa komunidad, turismo at edukasyon.

Inirerekomenda na maging batayan ang mga kuwentong Butanding sa pagpapakilala ng bayan ng Donsol. Maging batayan ang mga kulturang masasalamin sa mga kuwentong butanding sa pagpapalaganap ng kulturang Donsolanon. Maaaring ipagpatuloy ang paglalathala at pagpapalaganap ng mga kuwentong nagpapakita ng kulturang Donsolanon. Pagtibayin pa ng lubos ang kontribusyon ng kuwentong butanding sa komunidad, turismo at edukasyon. Magkaroon po ng mas malawak na kontribuyon ang kuwentong butanding sa iba pang aspeto sa bayan ng Donsol. Maaaring magsagawa pa ng iba pang pananaliksik na may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral upang maging sandigan at gabay ng mga susunod na mananaliksik.

## II. ACKNOWLEDGMENT

## REFERENCES

**[1]** Moscardo, G. (2018), "Tourist experience design", in Cai, L. and Alaedini, P. (Eds), Quality Services and Experiences in Hospitality and Tourism, Emerald, Bingley, pp. 93-108.

**[2]** Bacchus, C., & KEO, C. (2023). Storytelling For Sustainability In Developing Economy Tourism: A Cross-case analysis of Ecotourism Organizations in Cambodia and Trinidad and Tobago.

**[3]** Si, M. (2016). Facilitate knowledge exploration with storytelling. Procedia Computer Science, 88, 224-231.

**[4]** Semorlan, T. P., Fernandez, E. C., Mariño, F. C., & Semorlan, A. P. (2014). Ang panitikan at kulturang Pilipino. C & E Pub..

**[5]** Nibalvos, I. M. P. (2019). Lipunan at Panitikan: Pag-uugat ng Kapilipinohan sa Pagbubuo ng Literaturang Pambansa. Malay, 32(1)..

**[6]** Republic Act no. 1006 o mas kilala rin bilang National Heritage Act of 2009

**[7]**Republic Act No. 7160 (1991). Local Government Code of 1991. Official Gazette. Retrieved from https://www.officialgazette.gov.ph/1991/10/10/republic-act-no-7160/

**[8]** Philippine Coastal Community Cited as Best Place to Observe Whale Sharks, 2005.

**[9]**Randy: the butanding whisperer of Donsol. (2011b, September 19). Lifeisacelebration. https://lifeisacelebration.blog/2011/03/05/randy-the-butanding-whisperer-of-donsol/

**[10]** worldwildlife.org (2024)Cultural Appreciation: How Celebrating Whale Sharks Transformed a Community. World Wildlife Fund. Retrieved from https://www.worldwildlife.org/magazine/issues/fall-2016/articles/cultural-appreciation-how-celebrating-whale-sharks-transformed-a-community

**[11]** Gabito, O. A. (2013, October). Growing Rural Employment through Community-Based Tourism. In 12th National Convention on Statistics (NCS), EDSA Shangri-La Hotel, Mandaluyong City

**[12]**Census of Population, 2020. Retrieved from https://www.citypopulation.de/en/philippines/luzon/admin/sorsogon/056207__donsol/

**[13]** Araújo, G., Snow, S., So, C. L., Labaja, J., Murray, R., Colucci, A., & Ponzo, A. (2016). Population structure, residency patterns and movements of whale sharks in Southern Leyte, Philippines: results from dedicated photo-ID and citizen science. Aquatic Conservation: Marine and Freshwater Ecosystems, 27(1), 237–252. https://doi.org/10.1002/aqc.2636Census of Population (2020). "Region V (Bicol Region)". Total Population by Province, City, Municipality and Barangay. Philippine Statistics Authority. Retrieved 8 July 2021.

**[14]** Tourism Promotions Board Philippines, 2024).Butanding Festival. Retrieved from https://www.tpb.gov.ph/events/butanding-festival/

**[15]** Republic Act No. 9470: An Act to Strengthen the System of Management and Administration of Archival Records, Establishing for the Purpose the National Archives of the Philippines, and for Other Purposes. (2007, May 21). Official Gazette. Retrieved from https://www.officialgazette.gov.ph/2007/05/21/republic-act-no-9470/

**[16]** Bronner, S. J. (2007). Meaning of folklore: The analytical essays of Alan Dundes. University Press of Colorado. https://doi.org/10.2307/j.ctt4cgrzn

**[17]** McCullagh, C. B. (1987). The truth of historical narratives. History and Theory, 26(4), 30-46. doi:10.2307/2505043

**[18]** JoslynChase. (2020, June 29). Story is the beating heart of human experience. Joslyn Chase. https://joslynchase.com/story-beating-heart-human-experience/

**[19]** Fine, R. (2008, March 14). A case study on Philippine cities' initiatives - WWF. https://wwf.org.ph/wp-content/uploads/2020/06/2017-Sustainable-Urban-Mobility-A-Case-Study-of-Philippine-Cities Initiatives.pdf

**[20]** Arquinez, A. M., Cueto, A., & Calinao, R. J. (2020).Reasons for engaging in adventure tourism in Donsol, Sorsogon. LPU-Laguna Journal of International Tourism and Hospitality Management, 4(3).

**[21]** Pangkalinawan, L. C. (2006). Panitikan sa iba't ibang rehiyon. Malabon City: Mutya Publishing House Inc.

**[22]** Giddens, A. (2020). Modernity and self-identity: Self and society in the late modern age. In The new social theory reader (pp. 354-361). Routledge.

**[23]** Rizi, G. S., & Sabeghi, M. (2015). Study of the Role of Identity in Lifestyle and Consumption. Journal of Applied Environmental and Biological Sciences, 14-21.

**[24]** Tomlinson, J. (2003). Globalization and Cultural Identity. In D. Held (Ed.), The global transformations reader: An Introduction to the globalization debate (pp. 269-277). Cambridge: Polity.

**[25]** Mody, M., Day, J., Sydnor, S., Jaffe, W., & Lehto, X. (2014). The different shades of responsibility: Examining domestic and international travelers' motivations for responsible tourism in India. Tourism Management Perspectives, 12, 113-124

**[26]** Si, M. (2016). Facilitate knowledge exploration with storytelling. Procedia Computer Science, 88, 224-231.

**[27]** Prasetyo, Y. (2017). From storytelling to social change: The power of story in the community building. Available at SSRN 3094947.

**[28]** Axelrod, R. H. (2001). Terms of engagement: Changing the way we change organizations. The Journal for Quality and Participation, 24(1),

**[29]** Li, F. (2019, January). Study of Development and Utilization of Literature Tourism Resources. In 2018 International Workshop on Education Reform and Social Sciences (ERSS 2018) (pp. 22-26). Atlantis Press.

**[30]** Cao, N. (2019). Storytelling and its effects on tourist experience.

**[31]** Galon, W., & Marbella, F. D. (2022). Wikang Filipino Gamit Sa Pagpapakilala Ng Atraksiyong Turismo Sa Bayan Ng Barcelona. Research and Analysis Journal, 5(12), 39-48.